

# 1

“Wala na ba kayong gagawin kundi ang magtalo?” malungkot na tanong ni Annie sa mga anak.

Yumuko na lang ang nakababatang si Troy. Nagtagis naman ang mga bagang at tumiim ang tingin ni Tristan sa kapatid.

“Masyado kasing pakialamero ang anak ninyong ‘yan, ‘Ma.” Si Tristan. “Akala mo siya na lang ang palaging magaling kung makaasta.”

“Nangangatwiran lang naman ang kapatid mo, Tristan. Wala akong nakikitang masama sa sinabi niya.”

Lalong nakadama ng lihim na poot si Tristan sa kapatid.

“Ganyan naman kayo palagi. Ako ang laging mali at siya ang tama. Kitang-kitang may kinikilingan kayo sa amin, Mama.”

Napabuntunghininga si Annie sa tinuran ng anak.

“Anak, nagkakamali ka. Pareho ko kayong anak at wala akong pinapaboran sa inyo.”

Hindi umimik si Tristan. Nagsimulang pangiliran ng luha sa mata ni Annie. Hindi na nakatiis si Troy na hindi magsalita.

“Kuya, be reasonable naman. Malalaki na tayo para mag-away pa nang ganito. At huwag si Mama ang sitahin mo pag

nasusukol ka na. Ayaw mo kasing tumanggap ng pagkakamali mo. Ano ba'ng masama sa sinabi kong ibabakasyon ko muna si Mama sa hacienda? Doon ay sariwang hangin ang malalanghap niya, di tulad dito. Sa tingin ko, iyon ang kailangan ng Mama para lumakas nang tuluyan.”

“Nagdudunung-dunungan kang masyado. Akala mo lahat alam mo. Bakit, doktor ka ba para malaman kung ano ang mabuti kay Mama?”

“It doesn't take a doctor para malaman 'yon, Kuya.”

“Huwag mo 'kong paandaran ng kai-Ingles mo. Huwag mo akong ipares sa mga burgis na kaibigan mo. Basta para sa 'kin masyado kang adelantado!”

Pagkasabi noon ay mabilis nang nilisan ni Tristan ang silid ng ina. Mabilis namang nilapitan ni Troy sa kama ang mama niya.

“Ma, tahan na, baka lalong makasama sa inyo ang pag-iyak. Pagpasensyahan n'yo na lang ho si Kuya. Tutuwid din ang pag-iisip ng taong 'yon.”

“Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko sa kapatid mong 'yon, Troy. Naturingan pa namang panganay pero napakalayo ng ugali niya sa 'yo.”

“Ma, sana ho iwasan n'yo na rin ang pagkukumpara sa amin ni Kuya lalo't kaharap siya. Lalo lang kasing iisipin n'on na kampi kayo sa akin.”

“Totoo namang ibang-iba siya sa ‘yo, Troy. Magmula nang mamatay ang ama n’yo, sumobra pa ang masamang ugali ng kapatid mo.”

“Intindihin na lang natin si Kuya Tristan, ‘Ma. Great loss din para sa kanya ang pagkamatay ng Papa. Kasi nga’y ang Papa lang ang akala niyang kakampi niya sa bahay na ‘to. Kaya siguro lalo ‘yong nagrerebelde.”

Napabuntunghininga na naman si Annie. Pinigil na ang sariling umiyak. “Sana nga’y magbago pa ang kapatid mo.”

“Mangyayari ‘yon pag naturuan siya ng leksyon. Huwag na nga muna ‘yon ang isipin natin. O, payag ba kayong dalhin ko kayo sa hacienda?”

“Oo, Anak. Gustung-gusto ko nga doon. Ang inaalala ko lang kung nandoon ako, baka awayin ka nang awayin dito ng kapatid mo. Sino’ng sasaway sa inyo? Baka sa halip na mapanatag ako’y lalong --”

“Hindi mangyayari ‘yon, ‘Ma. Dahil sasama ako sa inyo sa hacienda. Ako ang mag-aalaga sa inyo doon.”

“Pero... paano ang trabaho mo dito?”

“Katatapos lang ho ng latest project ko, ‘Ma. ‘Yung offer na bagong project ay ipinasa ko muna sa panyero kong engineer din. Naisip ko kasing kailangan ko rin namang magkaroon ng break paminsan-minsan, hindi ‘yong puro trabaho na lang.”

“Tama ‘yan, Anak. Ikaw nga lang itong masyadong subsob sa trabaho mo, eh,” masigla nang sabi ni Annie.

“Not this time, ‘Ma. Promise ko sa inyo, from now on I’ll make it a point na makapag-unwind. Ipapasyal ko na kayo palagi.”

“Masuwerte ang babaeng magiging asawa mo, Anak.”

Malakas ang naging pagtawa ni Troy. “Wala pa nga ho akong nililigawan, eh.”

“Bakit nga ba? Huwag mong sabihing nadala ka na sa naging huling girlfriend mo?”

Si Kristal ang tinutukoy nito. Na nasilaw sa salapi kaya siya iniwan.

“Siguro nga, ‘Ma. Parang mahirap nang magtiwala ngayon. Ayoko ko na hong magpaloko.”

Tumitig si Annie sa anak. “Hindi mo pa lang siguro nakikita ang babaeng para talaga sa ‘yo, Troy. Pag nakita mo na siya, pupusta akong ipakikipaglaban mo siya nang patayan anuman ang mangyari.”

Natawa si Troy. “Mapapatay pa pala ako pag nagkataon. Di mas lalong nakakatakot ‘yon, ‘Ma?”

Nangiti na lamang si Annie sa tinuran ng anak. At sa sarili ay lihim na nahiling na sana ay katulad din ni Troy si Tristan.

Retired bank manager si Annie. Bago pa man mamatay sa

*Akin Ang Pag-ibig Mo - Louise Villafruerte*

---

isang car accident ang asawa nitong si Romero, huminto na ito sa pagtatrabaho. Sakitin kasi si siya.

Dalawa nga ang anak nito na sina Troy at Tristan. Engineer si Troy samantalang si Tristan ay isang college dropout. Mga bata pa lang ay kita na ang pagkakaiba ng magkapatid. Si Tristan na siyang matanda ang siyang lumabas na black sheep ng pamilya.

Simula't sapul ay may kumpitensya na sa magkapatid. Ang kay Tristan ay kay Tristan lang. Pero ang kay Troy, kadalasan ay napupunta pa rin kay Tristan. Bunso man si Troy, pero kadalasan ay siya pa ang palaging nagbibigay.

Si Troy ang naging pet ng ina. Si Tristan naman sa ama. Ngunit nang mamatay nga si Romero, pakiramdam ni Tristan ay nawalan ito ng kakampi. Noon nagsimula ang pagrerebelde nito. Puro sama na ng loob ang ibinibigay nito kay Annie. Kaya ang mahina nang katawan ng ina ay halos hindi na hiniwalayan ng sakit.

Hanggang sa ang simpleng trangkaso ay lumala nang lumala. Kaya naisipan nga ni Troy na dalhin ang ina sa hacienda. Labis itong tinutulan ni Tristan. Ito nga ang naging mitsa ng pag-aaway na naman ng dalawa.

Lingid kina Troy at Annie, may dahilan ang mahigpit na pagtutol ni Tristan. May lihim itong sarili lang ang nakakaalam.

---

*Akin Ang Pag-ibig Mo - Louise Villafruerte*

---

Tiaong, Quezon. Abala sa pag-aayos ng hacienda ang mag-asawang Alicia at Berhel. Sila ang tumatayong tagapangasiwa ng Hacienda Alcaraz magmula nang ipamana iyon kay Annie ng namatay na mga magulang nito.

Nang mag-asawa si Annie at kinailangang manirahan, kasama si Romero, sa Dasmariñas Village sa Makati, kay Alicia na matalik nitong kaibigan ipinagkatiwala ang villa. Isang taon naman magmula nang tumira sa Maynila si Annie, ikinasal si Alicia kay Berhel.

Isang mahirap na kawani lang ang mga magulang ni Alicia sa Hacienda Alcaraz, pero hindi naging hadlang iyon para maging best friends sina Annie at Alicia.

“Inay, bakit mukhang busy yata ang mga tao dito?” tanong ni Vienna, nag-iisang anak nina Alicia at Berhel. Nakatira ito sa bahay ng mga magulang ni Alicia na karatig din ng hacienda. Paminsan-minsan ay bumibisita nga ito roon. Tulad ngayon.

“Nandiyan ka pala,” wika ni Alicia na noon lang napansin ang anak. “Hala, tumulong ka nga sa pag-aayos ng bahay. Darating si Annie ngayon. Kahapon ay nagpasabing magbabakasyon siya dito. May sakit pala si Annie.”

May tuwang kaagad bumakas sa anyo ni Vienna. “Inay, kasama ba ni Aling Annie si... si Troy?”

“Oo, yata,” anito na hindi nilingon si Vienna dahil abala sa pagpeprepara ng pagkain.

“Eh, si... Tristan ho?”

“Aba’y ewan ko. Siguro. Maano ngang huwag kang tanong nang tanong d’yan. Manduhan mo nga ‘yong nagkakabit ng kurtina d’on sa sala.”

“Oho, Inay.”

Pumasok na nga siya sa sala. Naroon na nga ang ilang kababaihang tauhan din ng hacienda.

“O, Vienna, nabalitaan mo ba?” kaagad na tanong ni Amanda pagkakita sa kanya. Kababata rin niya ito at kaklase noon sa elementarya.

“Ang alin?”

“Ano pa, di ‘yong pagdating nina Troy.”

Tingin niya ay nanunudyo ang tingin nito sa kanya. “Ah, ‘yon? Oo, may sakit daw kasi si Aling Annie, eh. Kaya dito siguro magpapahinga.”

“Eh, di magkikita na naman kayo ni Troy?” pasaring-panunudyo pa nito.

Iningusan lang niya si Amanda at hindi sinagot.

May basehan kasi ang panunudyo sa kanya ni Amanda. Magkababata nga kasi sila kaya alam nito ang buong buhay niya.

Hindi maiwasan ni Vienna ang magbalik-tanaw sa puntong

iyon...

---

“Bakit ka umiiyak, Vienna?” nag-aalalang tanong sa kanya ni Troy.

“Si Tristan, eh. Palagi na lang akong iniinis. Payatot daw ako saka pangit.”

Lumapit sa kanya si Troy. Inangat nito ang mukha niya at pinunasan ang kanyang luha sa pisngi.

“Tahan na. Hindi naman totoo ‘yon. Huwag mo na lang pansinin ang kuya ko. Talagang magaling mambuska ‘yon, eh.”

“Hindi ko naman siya pinapansin, ah. Siya itong lapit nang lapit sa ‘kin,” pahikbi-hikbing katwiran niya.

“Hayaan mo’t isusumbong ko sa Mama at Papa ‘yon. O, tumahan ka na. Tayo na lang dalawa ang maglaro, gusto mo?”

Kaagad na umaliwalas ang mukha ni Vienna. “Sige, unahan tayong manghuli ng tutubi. Paramihan tayo, ha?”

Natawa si Troy. Pinindot na naman siya nito sa baba na nakagawian na nitong gawin sa kanya. “Malapit ka nang maging dalaga, panghuhuli pa rin ng tutubi ang gusto mo?”

Umingos siya rito. “Ay! Hindi yata. Ayokong maging dalaga.”

“Puwede ba ‘yon? Hindi naman natin mapipigil ‘yon. Ten



*Akin Ang Pag-ibig Mo - Louise Villafruerte*

---

years old ka na at ako nama'y eleven. Di ba malapit na tayong maging dalaga't binata n'on?"

"Ikaw lang siguro, ako hindi. Di ayaw mo nang manghuli ng tutubi?"

"Gusto siyempre. Kahit naman ano ang gusto mo ay gusto ko rin, di ba?"

Nangiti si Vienna. "Ayan! Mabuti ka pa mabait at di tulad ni Tristan."

"Dapat kasi akong maging mabait sa 'yo. Kasi may hihilingin ako sa iyo paglaki natin, eh."

Kunot-noong napatingin siya rito. "Ano 'yon?"

Napakamot pa sa ulo si Troy. Hindi ito kaagad nakapagsalita.

"Liligawan kasi kita paglaki natin. Payag ka ba?" tila alanganin pang tanong nito sa kanya.

Naibang bigla ang timpla ni Vienna. Hindi niya gusto ang sinabi nito. Kumaripas siya nang takbo pabalik sa villa.

Ang kanyang ina ang unang hinanap niya. Kausap nito ang mama ni Troy sa hardin. Hindi na sana siya lalapit pero nakita na pala siya ng inay niya.

"Anak, bakit ka umiiyak?" Nilapitan siya nito.

"Inaway ka na naman ba ni Tristan?" agap ng mama ni Troy.

“Nasaan ba’ng batang ‘yon?”

“H-hindi naman po si Tristan, eh,” umiiyak na sagot ni Vienna.

“Sino? Bakit ka nga umiiyak?” tanong ni Alicia.

“Si... si Troy po, Inay.”

Saglit pang nagkatinginan ang dalawang babae.

“Si Troy? Ano’ng ginawa sa ‘yo ng anak kong ‘yon, Vienna? Sabihin mo. Hindi ko kukunsintihin ‘yon,” pahayag ni Annie.

“Kasi po... kasi po sabi ni Troy... liligawan daw niya ako paglaki namin, eh.”

Nagtinginan na naman ang mga ito. Tapos ay nagtawanang bigla. Malakas. Halos maiyak na sa katatawa ang dalawang ina. Lalo siyang naiyak. Saka lang siya inalo ulit ng inay niya.

“Iyon lang pala ang sinabi sa ‘yo ni Troy, umiyak ka na?”

“Baby pa kasi ang anak mo, Alicia. Ang pilyo ay ang anak ko. Nasaan na nga ba ang Troy na ‘yan at nang mapalo.”

Nakakubli lang pala noon si Troy sa isang puno. Ito ang kusang lumabas at lumapit sa kanila.

“O, nandiyan ka pala. Halika ka nga dito. Bakit mo pinaiiyak itong baby natin, ha, Troy?”

Hindi makatingin sa kanya si Troy.

*Akin Ang Pag-ibig Mo - Louise Villafruerte*

---

“Eh... ‘Ma, sabi ko lang naman sa kanya... kuwan... na liligawan ko siya, eh. Pero sabi ko naman paglaki namin.”

Pinandilatan ni Vienna si Troy. Tingin niya ay gusto na naman siyang pagtawanan ng inay niya at ng mama nito.

“Uli-uli, huwag mo nang sasabihan si Vienna nang gan’on, ha, Troy?”

“O-opo, Mama.”

“O, mag-sorry ka sa kanya.”

Nakasimangot na si Troy nang tumingin kay Vienna. Nag-sorry nga ito. Pero sa halip na tanggapin ang paumanhin ay dinilaan siya nito.

Marami nang taon ang lumipas pero hindi mabura-bura sa alaala niya ang pangyayaring iyon.